

**TITLE:** Royalty In A Manger [Kamahalan sa Sabsaban]

**TEXT:** Luke 2: 10 -12

**DATE:** April 3, 2022

Big Idea: The signs accompanying Jesus' birth point to a life of submission to the will of God the Father. **Ang mga palatandaan na kasama ng kapanganakan ni Hesus ay nagtuturo sa isang buhay na puno ng pagsunod sa kalooban ng Diyos Ama.**

### Introduction

- This is a Christmas message during the Lenten month. **Ito ay isang pamaskong mensahe sa panahon ng mahal na araw.**
- *“But the angel said to them, “Do not be afraid. I bring you good news that will cause great joy for all the people. Today in the town of David, a Savior has been born to you; he is the Messiah, the Lord. This will be a sign to you: You will find a baby wrapped in cloths and lying in a manger.”* - Luke 2:10-12 [NIV]
- Today, I want to share the subject: **ROYALTY IN A MANGER.** Ngayon, ibabahagi ko ang tungkol sa aralin na: Kamahalan sa Sabsaban.
- The birth of Prince William and Kate Middleton's first child was a highly anticipated event, with reporters camping outside the hospital to get the first glimpse of Prince George. **Ang kapanganakan ng panganay na anak nila Prince William at Kate Middleton ay isang inabangan na pangyayari. May mga mang-uulat na magdamag na naghintay sa labas ng ospital para lang makita si Prince George.**
- Brits reportedly spent roughly £240 million (more than PHP16,350,248,000) celebrating Prince George's arrival with royal baby-themed goods and party supplies. **Ang mga taga Inglaterra ay gumastos ng £240 million para lamang ipagdiwang ang kapanganakan ni Prince George sa pamamagitan ng mga pang batang mga gamit at party supplies.**
- In contrast, let us look at the simple and somewhat indifferent reception to the birth of our Lord Jesus Christ. The angel announced the good news to lowly shepherds in Bethlehem, surprised and frightened by its sudden appearance. **Sa kabaligtaran naman, tingnan natin ang napaka simple at walang pakialam na pagtanggap sa kapanganakan ni Hesukristo. Ito ay ipinahayag ng isang anghel sa mga pastol sa Betlehem, na kanilang ikinagulat at ikinatakot.**
- That infant was no ordinary baby. Jesus Christ is royalty; He is the King of kings and the Lord of lords, and He came as our Savior, Christ, and Lord. **Ang sanggol na iyon ay hindi ordinaryo. Si Hesus ay kamahalan, Hari ng mga hari, Diyos ng mga diyos. Siya ay naparito para tayo ay iligtas.**
- Let's study the Modesty Of His Birth in V.12: *“This will be a sign to you: You will find a baby wrapped in cloths and lying in a manger.”* - Luke 2: 12 [NIV] **Ating pag-aralan ang kapayakan ng kanyang kapanganakan.**
- The Jews looked for a sign, but they weren't expecting a baby in a manger. It was too simple then, and it is still too simple today for many people. **Ang mga Hudyo at naghahanap ng tanda ngunit hindi nila inaasahan ang isang sanggol sa sabsaban. Masyadong simple nito**
- If Luke 2:12 were the only verse we had, what would we know about the birth of Christ? First, we would know something about...Kung ang Lukas 2:12 lang ang

tanging bersikulo na alam natin, ano kaya ang ating malalaman patungkol sa kapanganakan ni Hesus? Unang una, malalaman natin ang tungkol sa...

### I. His Humanity—" You will find a baby." **Pagiging tao Niya**

- To say that Christ was born as a baby brings us face to face with the truth of the Incarnation. Although he was fully and truly God from all eternity, the Son of God took on true humanity when he was conceived in Mary's womb and born in Bethlehem. *He was not half-God and half-man, but fully God and fully man.* **Ang sabihing si Hesus ay ipinanganak na sanggol ay nagpapatunay sa pagkakatawang tao ni Hesus.** Bagamat si Hesus ay tunay at lubusan na Diyos, **Siya ay nagkatawang tao at ipinagbuntis ni Maria at ipinanganak sa Betlehem.**
- This is the central truth of Christianity. God has entered human history to provide for our salvation. **Ito ang katotohanan na pinanghahawakan ng Kristiyanismo.** **Ang Diyos ay pumasok sa kasaysayan ng sanlibutan upang iligtas tayo sa ating kasalanan.**
- What we could not do, He did for us through his Son. Everything else flows from this truth. He could not have died for our sins if he had not been born. And he would not have risen from the dead. He had to become like us to save us. There was no other way. **Ang hindi natin kayang gawin ay ginawa Niya sa pamamagitan ng Kanyang Anak.** **Lahat ng bagay ay nanggagaling sa katotohanang ito.** **Hindi Siya mamamatay para sa atin at muling mabubuhay kung hindi Siya unang nabuhay bilang tao.**
- Another reason Jesus had to be fully human is that God established the necessity of the shedding of blood for the remission of sins [Lev. 17:11; Hebrews 9:22] **Isa pang dahilan kung bakit nagkatawang tao si Hesus ay upang matupad ang pangangailangan na dumanak muna ang dugo bago magkaroon ng kapatawanan.**
- Furthermore, the humanity of Jesus enables Him to relate to us in a way the angels or animals never can. [Hebrews 4:15] **Bukod dito, ang pagkakatawang tao ni Hesus ang siyang dahilan kung bakit kayang maki ugnay ni Hesus sa ating nararamdamen, di tulad ng mga anghel o kaya ay ng mga hayop lamang.**

### II. His Helplessness—" Wrapped in cloths." **Kawalang kakayahang Niya**

- On that day, newborn babies were wrapped in strips of cloth to protect them from harsh elements. Usually, mothers would wrap the arms and legs separately, then wrap the torso until the baby looked like an Egyptian mummy. This might appear cruel as it severely restricts the child's movements, but in a world with little medical care, where babies routinely die before their first birthday, it was a way to provide protection. **Noong panahon na iyon, ang mga bagong silang na sanggol ay binabalutan ng mga tela upang maingatan sila laban sa mga makasasamang elemento.** **Kadalasan, binabalot ng nanay ang mga kamay, braso, paa, at katawan na magkakahiwalay - parang mummy.** **Maaaring tingnan ito na kalupitan dahil hindi makagalaw ang sanggol.** **Ngunit sa panahon nila na halos walang gamot at doktor na maaaring tumingin, karamihan sa mga sanggol ay namamatay bago pa man umabot sa kanilang unang kaarawan.**

- What do we learn from the binding of baby Jesus? It reminds us of another time, years later, when he would stand before the Jewish authorities, bound and guarded as if he were a common criminal. **Ano ang matututunan natin sa pagbabalot at pagbibigkis sa sanggol na si Hesus?** Ipapaalala nitp na darating ang panahon na si Hesus ay tatayo sa harapan ng mga awtoridad, naka gapos at binabantayan ng mga sundalo na parang isang kriminal.
- It is no coincidence that he entered the world as he left it—bound and helpless. **Hindi nagkataon na pumasok at lumabas Siya sa mundo natin na nakagapos at walang magawa.**
- Looking at the baby this way, no one can say He came only for the rich and powerful. He came not for the faith of a few but to be the Savior of all. He was bound that we might be set free. **Kung titingnan natin ang isang sanggol na Hesus na ganito, walang makapagsasabi na Siya ay naparito lamang para sa mga mayayaman o makapangyarihan. Dumating Siya para iligtas ang lahat. Siya ay iginapos para tayo ay palayain.**

### **III. His Humility—”Lying in a manger.” Ang kapayakan Ng Kapanganakan Niya**

- The word “manger” may not easily communicate a clear image to us, but the word itself means something like a stable or perhaps a feeding trough. **Ang salitang sabsaban ay maaring hindi malinaw sa atin. Ngunit ang salitang ito ay nangangahulugang isang kainan ng mga hayop.**
- Even in the feeding trough, He was already bearing the only cross a baby can bear—extreme poverty and the contempt and indifference of humanity. **Sa kainan ng hayop na iyon, Siya ay may dala dala nang krus bilang bata - ang krus ng kahirapan, paghamak, at kawalan ng pansin mula sa sangkatauhan.**
- This baby lying forgotten in an exposed stable, resting in a feeding trough, is God’s appointed “sign” to us all. **This is a true Incarnation. Ang sanggol na ito na nakahiga sa isang sabsaban, kinalimutan ng lahat, ay ang tanda ng Diyos para sa ating lahat.**
- God has come to the world in a most unlikely way. Philippians 2:7 means it when it says that he **“made himself nothing, taking the very nature of a servant, being made in human likeness.”** **Ang Diyos ay pumunta sa lupa sa isang di pangkaraniwang pamamaraan. Sabi sa Pilipos 2:7: Sa halip, kusa niyang binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos, at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siya bilang tao.**
- Nothing about the baby Jesus appeared supernatural. There were no halos, no angels visible, and no choirs singing. **Walang animo'y kakaiba sa sanggol na si Hesus. Wala siyang sinag sa ulo, walang anghel, walang mga kumakanta.**
- Nothing about the outward circumstances pointed to God. **Walang panglabas na tanda na Siya ay Diyos.**

### Conclusion

- The three signs that were present during His birth, Humanity, Helplessness & Humility, all point to a common word to describe them: **SUBMISSION. Ang tatlong tanda na makikita sa Kanyang kapanganakan - ang pagiging tao, kawalan ng**

kakayahan, at kapayakan ng kapanganakan - ay tumuturo sa isang salita na naglalarawan dito: PAGPAPASAKOP.

- Submission is "the action or fact of accepting or yielding to the will or authority of another person." Submitting means putting others before yourself, not always doing what you want. It means putting God's desires above your desires. **Ang pagpapasakop ay pagtanggap sa kalooban at awtoridad ng isa pang tao. Ibig sabihin, paglalagay ng naisin ng Diyos sa ibabaw ng naisin natin.**
- From His birth to His death, Jesus Christ lived in perfect submission to the Father. **Simula ng Kanyang kapanganakan hanggang kamatayan, si Hesukristo ay nagpasakop ng lubusan sa Kanyang Ama.**
- Christian submission is not an act of human will; it is divine work. We can submit to God's authorities and His will only through the power of the Holy Spirit. **Ang pagsunod o pagpapasakop ng isang Kristiyano ay hindi galing sa kanyang sariling kalooban, ito ay galing sa Diyos. Kaya lang natin magpasakop sa awtoridad at sa Kanyang kalooban sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.**
- Christ imputes his righteousness to believers, so the work of submission is FAITH. **Ibinigay ni Kristo ang Kanyang katuwiran sa mga mananampalataya, kung kayat ang pagpapasakop ay dulot ng pananampalatayang ito.**

CHALLENGE: "The will of God for your life is simply that you submit yourself to Him each day and say, "Father, Your will for today is mine. Your pleasure for today is mine. Your work for today is mine. I trust You to be God. You lead me today, and I will follow."

-Kay Arthur

HAMON: **Ang kalooban ng Diyos para sa ating buhay ay ang magpasakop tayo sa Kanya sa bawat araw at sabihing, 'Ama, ang kalooban mo ngayon ay akin ding kalooban, ang kasiyahan mo ngayon ay aking kasiyahan, at ang gawa mo ngayon ay gawa ko din. Ako ay susunod sa iyo.** - Kay Arthur

#### QUESTIONS:

1. What are the things that prevent you from submitting to Jesus?
2. After hearing the message, how will you demonstrate your submission to Him?

#### KATANUNGAN

1. Ano ang mga bagay na humahadlang sa iyo upang hindi ka makasunod kay Hesus?
2. Pagkatapos mo marinig ang mensahe ngayon, paano mo ipapakita ang pagsunod mo sa Kanya?